



Buod ng Session at Kung Ano ang Ibinahagi:

Ingklusyon, kalidad ng buhay, at mga network ng suporta ng komunidad

Tungkol sa Serye ng Mga Tagapagsalita sa Symposium

Bilang bahagi ng engagement ng Children and Youth with Support Needs (CYSN), nagsagawa ng serye ng virtual na tagapagsalita para maikonekta sa mga British Columbian ang mga propesyonal na nasa field ng development at kapansanan ng bata at kabataan. Ang serye ay oportunidad din para lumahok sa pinapangasiwaang dialogue para makatulong na mapahusay ang isang bagong panlalawigan na pamamaraan sa serbisyo ng CYSN na balanse sa mga lokal na sitwasyon at mga indibidwal na pangangailangan.

Bukas sa lahat ng British Columbian ang serye na ito ng virtual na tagapagsalita sa symposium at nagbigay ito ng natatanging oportunidad para suportahan ang kolaborasyon at pagbabahagian sa mga pamilya, propesyonal, provider ng serbisyo, at interesadong partido. Ang mga talakayan sa breakout room ay nagbigay sa mga kalahok ng oportunidad na magkaroon ng mga ingklusibong usapan, magbahagi ng mga insight, pinakamahuhusay na kagawian, at tumuklas ng mga pananaliksik at kaalaman mula sa session sa pamamagitan ng lente na laban sa racism.

Pangkalahatang-ideya ng Session

Noong Martes, Disyembre 5, nagpresenta si Linda Perry tungkol sa “Ingklusyon, kalidad ng buhay, at mga network ng suporta ng komunidad.” Sa loob ng 33 taon, si Linda ay nagsilbing executive director ng Vela Canada, na isang not-for-profit sa BC na nagbigay-daan sa pagkakatatag ng Microboard, na tumutulong sa mga indibidwal na may mga kapansanan sa pamamagitan ng paggawa ng mga naka-customize at ingklusibong sistema ng suporta. Malaki rin ang iniambag ni Linda sa paggawa ng Individualized Funding Option ng Community Living BC at kasali siya bilang volunteer sa iba’t ibang organisasyon, kabilang ang Family Focus Society, Lower Fraser Valley Aboriginal Society, at Lupon ng Family Support Institute. Dagdag dito, nagsilbi rin siya sa National Volunteer Awards Council ng Prime Minister at nagboluntaryo sa ibang bansa sa Zero Project, kung saan isinusulong ang isang mundo na walang balakid. Ngayon, patuloy siyang nagtatrabaho sa Vela bilang coordinator ng mga espesyal na proyekto.

Ang presentasyon ay nagbigay ng pangkalahatang-ideya tungkol sa mga dating trend sa suporta sa kapansanan, kahalagahan ng kolaborasyon at pagiging kaalyado sa pagsisimula ng pagbabago, emosyonal na karanasan ng mga pamilya, at mga kasalukuyang trend sa suporta sa kapansanan, tulad ng pag-iisip na nakatuon sa tao, at kahalagahan ng pagbuo ng mga network at pagkakaibigan para sa mga indibidwal na may mga kapansanan.

Mahigit 70 tao ang sumali sa session na ito mula sa mga lugar sa buong lalawigan, na kumakatawan sa iba't ibang pananaw kabilang ang mga non-profit na organisasyon, guro, pamilya, propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, at iba pa.

Mga punto mula sa session:

- Dati, ang mga pamilya ng mga batang may mga kapansanan ay inabisuhang dalhin ang kanilang mga anak sa mga institusyon, na isinasawalang-bahala ang mga negatibong epekto ng pag-iisa. Sa pamamagitan ng mga tuloy-tuloy na pagsisikap at pagiging kaalyado, pinangunahan ng grupo ng mga determinadong magulang sa BC ang pagbabago tungo sa pangangalagang nakabatay sa komunidad, na nagbigay-daan sa pagtatayo ng mga respite na tahanan at pagsusulong ng ingklusibong edukasyon.
- Binibigyang-prioridad ng pag-iisip na nakatuon sa tao ang mga interes, pangangailangan, at hangarin ng indibidwal nang hindi binabago o nililimitahan ang mga ito dahil sa mga pinansyal na restriksyon. Ang malakas na suporta sa pamilya at iba't ibang network ay makakatulong sa mga indibidwal magkaroon ng mga buhay, kung saan natutugunan ng mga solusyon ang mga pagsubok.
- Ang pakikinig nang mabuti sa mga pangangailangan ng indibidwal ay mahalaga sa paggalang sa kanilang mga alalahanin, takot, at problema. Kasama rito ang pag-unawa sa kanilang estilo ng pakikipag-ugnayan at mga ekspresyon, hindi lang ang pasalitang pakikipag-ugnayan.
- Napakahalaga ng mga malaya at tapat na talakayan tungkol sa mga limitasyon ng adbokasiya at mga serbisyo ng gobyerno kasama ang mga pamilya, dahil posibleng hindi matugunan ng mga ito ang lahat ng pangangailangan ng indibidwal. Mahalaga ring tumuklas ng mga alternatibong oportunidad sa mga komunidad, mga kaibigan, at pamilya para mapaganda ang mga buhay ng mga bata at kabataan nang higit pa sa maibibigay ng mga sistema.
- Ang pagkakaroon ng mga makabuluhang network, mentorship, kaibigan at samahan, ay mahalaga para sa mas kumpletong buhay, dahil malaki ang epekto ng pag-iisa sa kalusugan ng pag-iisip.
- Mahalaga ang suporta mula sa pamilya. Ang mga magulang ay maraming kaalaman na madalas na hindi pinapansin, kabilang ang mga pang-araw-araw na routine na nakakaapekto sa buhay ng kanilang anak. Sa pamamagitan ng pagkilala sa awtoridad na ito, magagawa ng mga pamilya na epektibong ipaalam ang kanilang mga pangangailangan at tumulong sa paggawa ng mga iniangkop na serbisyo at suporta.
- Ang pagkamalikhain ay susi sa paghahanap ng mga solusyon para sa mga suporta mula sa pamilya. Sa kabila ng paghina ng loob, napakahalagang mag-relax nang sandali, kumonsulta sa mga pinagkakatiwalaang kaibigan, at mag-isip ng mga alternatibo at huwag lang bastang tanggapin ang "hindi" sa simula.

Talakayan sa breakout room – Ano ang Ibinahagi

Ang mga kalahok ay inilagay sa maliliit na breakout room (na may lima hanggang 15 kalahok kada room) para sa mino-moderate na talakayan para pag-usapan ang tanong na ito:

- Sa lahat ng kaalamang ibinahagi ngayong araw, ano ang isa o dalawang pagsasaalang-alang na pinakamahalaga para sa iyo kapag nagpapahusay ng sistema ng mga serbisyo para sa mga bata at kabataan na nangangailangan ng suporta?

Isinasalamin ng mga komento ang mga karanasan sa buhay ng mga kalahok, at ang kanilang mga pananaw at ideya para sa epektibong sistema ng mga serbisyo para sa mga bata at kabataan na nangangailangan ng suporta sa buong BC.

Ikinategorya sa apat na tema ang mga komento ng kalahok:

1. Pagpapalano at Koordinasyon ng Serbisyo: direktang pagpapalano kasama ang mga pamilya, (anumang uri ng) pagpapalano sa transisyon, cross-program/ministry na koordinasyon.
2. Paghahatid ng Serbisyo: mga direktang Serbisyo ng CYSN, mga wraparound na serbisyo, mga pagsasaalang-alang sa workforce.
3. Pangangasiwa: pagpopondo, mga proseso at pathway ng serbisyo (hal., intake; pagbibigay-prioridad), mga tungkulin at responsibilidad (ibig sabihin, aling ministry ang responsable sa isang bagay), pisikal na espasyo
4. Mga Pamamaraang Nakatuon sa Katarungan, Laban sa Racism, at Ingklusibo

Pagpapalano at Koordinasyon ng Serbisyo

Ang isang pamamaraang nakatuon sa pamilya ay ninanais para sa bagong sistema ng paghahatid ng serbisyo para sa mga bata at kabataan na nangangailangan ng suporta. Nabanggit ng mga kalahok na ang mga pamilya ang pinakanakakakilala sa kanilang mga anak at kabataan at sila dapat ang pangunahing tumutukoy sa kung ano ang kailangan. Gayunpaman, nabanggit din na ang mga pamilya ay nangangailangan ng oras at suporta para malaman ang kanilang mga pangangailangan, para matanggap ang mga diagnosis at ang mga nauugnay na epekto sa personal at logistical na antas ng pamilya, at para matukoy ang kanilang daan pasulong ayon sa kagustuhan nila. Magkakaiba ang paglalakbay ng bawat pamilya, at ang mga resource na may nakalaan na pondo ay available dapat kapag handa na ang pamilya.

Bukod pa rito, dapat isaalang-alang sa pagpapalano ng serbisyo ang mga natatanging katangian ng pamilya, gaya ng wika, socio-economic na sitwasyon, komposisyon ng pamilya, at ang mga kinakailangang suporta ng mga miyembro ng pamilya, na posibleng mayroon ding mga diagnosis.

Ang pagpapalano para sa mga transisyon sa buhay, partikular ang transisyon sa pagiging adult, ay dapat maging bahagi ng bagong sistema ng paghahatid ng serbisyo. Ibinahagi ng mga kalahok na ang mga sistema ay dapat pa ring magbigay ng mga suporta pagkalipas ng edad na 19 para suportahan ang mga kabataan sa transisyon na ito.

Ang mga oportunidad para maikonekta ang mga pamilya, na nag-aalok ng mga lugar para sa pakikisalamuha at pagbuo ng komunidad ay tinukoy bilang mahahalagang pagsasaalang-alang sa bagong pamamaraan ng paghahatid ng serbisyo. May iba't ibang suhestyon na ibinigay para matulungan ang mga pamilya na i-navigate ang mga sistema at pagpapalano ng serbisyo at makapagtakda ng mga naaangkop na suporta para sa kanilang anak o kabataan. Ibinahagi ang peer support at community support bilang mahalagang elemento. Nabanggit na ang mga pamilya ay kadalasan ang pinakamahusay na resource at maaaring isailalim sa pagsasanay o kunin para magsilbing mga navigator para sa iba pang pamilya.

Pagdating sa koordinasyon ng serbisyo, nabanggit ang kagustuhan para sa mga sentralisadong resource, kung saan ang mga pamilya ay maaaring pumunta sa iisang lugar at ibinabahagi ang impormasyon sa mga ministry para mas mahusay na mapangasiwaan ang paghahatid ng serbisyo. Nagmungkahi ng multi-disciplinary na assessment team na makakatantya sa mga pangangailangan ng pamilya at anak o kabataan at na maitutugma ang mga naaangkop na resource at serbisyo sa mga pangangailangan.

Nabanggit din na ang mga pamilya sa mga rural na lugar ay magkakaiba ang access sa mga serbisyo, at kadalasang kailangan nilang bumiyahen para ma-access ang suporta. May kagustuhan na magtulungan ang mga ahensya para mapahusay ang accessibility ng mga serbisyo para sa mga rural o malayong lugar. Nabanggit ding maaaring maging kapaki-pakinabang na kasangkapan ang teknolohiya para makatulong na suportahan ang mga koneksyon para sa mga nakatira sa mga malayo o rural na lugar.

Paghahatid ng Serbisyo

Gusto ng mga pamilya na mas pagtuunan ng Ministry for Children at Family Development ang pagsuporta sa kanila sa pagpili ng kanilang daan para sa mga serbisyo para matulungan ang kanilang anak o kabataan, at huwag gaano mula sa lente ng proteksyon, na maaaring maging vulnerable ang pakiramdam, partikular kung kumplikado ang ugali ng bata o kabataan.

Nabanggit ang modelong microboard bilang mahalagang opsyon para sa mga pamilya, gayundin ang suporta sa bahay, partikular para sa mga pamilyang may mga anak o kabataan na may mga kumplikadong pangangailangan.

May ilang gustong magkaroon ang navigator ng tungkulin na hindi lang pangangalagang pangkalusugan o gawaing panlipunan ang sakop para matulungan ang mga pamilya na makuha ang lahat ng kinakailangang serbisyo, paggamot, at suporta. Halimbawa, ang isang navigator ng negosyo ay maaaring makatulong sa isang bata o kabataan na may kapansanan na matutong magpatakbo ng negosyo, o na makatulong sa isang pamilya na magsimula ng not-for-profit na organisasyon o social enterprise.

Dagdag dito, ang mga wraparound na suporta at tulong para ma-access ang mga serbisyo na karaniwang hindi itinuturing na mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ngunit may mahahalagang benepisyo sa kalusugan ng katawan at pag-iisip, tulad ng mga music lesson o music therapy, o mga programa sa sports at athletics, ay dapat maging bahagi ng bagong pamamaraan sa paghahatid ng serbisyo. Mahalaga ito lalo na kapag nangangailangan ang mga bata o kabataan ng mga karagdagang suporta o tulong para makalahok sa mga ganitong uri ng mga aktibidad.

Naibahagi rin na ang bagong pamamaraan sa paghahatid ng serbisyo ay dapat makahanap ng mga paraan para mabawasan ang mga tagal ng paghihintay para sa mga pagsusuri at serbisyo, at makapagbigay ng suporta sa mga bata, kabataan, at pamilya sa panahon ng pagsusuri at diagnosis. Gusto rin ng paraan o mekanismo para mag-dispute ng mga diagnosis o humiling ng pangalawang opinyon/pagsusuri.

Pangangasiwa

Nangangailangan ng mas malaking pondo sa pangkalahatan, at mas malawak na access sa pondong ito, para masuportahan ng mga pamilya ang kanilang anak o kabataan. Halimbawa, mahalaga ang pagpapalawak sa access sa pagpopondo para sa Autism para available ito sa lahat ng pamilyang may mga anak o kabataan na nasa Autism spectrum. Tinutukoy ng mga kalahok ang mga modelo sa New Zealand at Australia, na nagbibigay ng iba't ibang uri ng individualized na pagpopondo para sa mga pamilya, bilang mga halimbawa na maaaring gamitin ng BC.

Ang suporta sa anyo ng paglikha ng kapasidad at pagsasanay ay tinukoy rin bilang mahalaga, kung saan ang mga propesyonal ay maaaring itugma sa mga indibidwal at pamilya para makatulong sa pagkakaroon ng mga hanay ng kasanayan sa pamilya.

Mga Pamamaraang Nakatuon sa Katarungan, Laban sa Racism, at Inklusibo

Kasama dapat sa bagong pamamaraan sa paghahatid ng serbisyo ang mga paraan para magkaroon ng kultural na kakayahan ang mga propesyonal na nagtatrabaho sa mga sistema ng pangangalagang pangkalusugan at mga serbisyong panlipunan. Dapat din nitong maging layunin na alisin ang mga balakid na nararanasan ng mga bagong dating at tugunan ang sistemikong racism sa loob ng sistema.

Buod ng Mga Tanong at Komento ng Kalahok:

Sa buong presentasyon, ang mga kalahok ay nagbahagi ng mga komento at tanong na nauugnay sa pagsasaalang-alang ng bagong sistema sa chat function ng Zoom:

- Mga Inklusibong Komunidad: Mga suhestyon para sa higit pang kolaborasyon sa mga lokal na komunidad at organisasyon para makagawa ng mga inklusibong environment kung saan ang mga indibidwal na may mga kapansanan, kanilang mga pamilya, at mga network ng suporta ay makakatulong at maramdaman nilang tanggap sila.
- Suporta sa Accessibility: Pagbibigay-diin para sa mas mahusay na pag-unawa sa mga pagsubok na kinakaharap ng mga indibidwal na may ADHD o dyslexic na nahihirapang i-access ang kinakailangang suporta sa mga pang-edukasyong konteksto. Kabilang sa isang oportunidad para sa pagpapahusay ang karagdagang tulong para sa mga indibidwal at kanilang mga pamilyang naghahanap ng iba't ibang suporta, tulad ng mga serbisyo sa suporta para sa kapansanan na pinopondohan ng gobyerno para sa mga partikular na pangangailangan.
- Pagtataguyod ng sarili: Pagsusulong at pagsuporta sa mga indibidwal na itinataguyod ang sarili habang itinataguyod din ang iba.
- Mga Katangian ng Navigator: Pagbibigay-diin sa mga ideyal na katangian ng navigator bilang isang tao na nagsisilbing kakampi na nakatuon sa mga pangangailangan, kagustuhan, at interes ng mga indibidwal. Pagbibigay-diin sa kahalagahan ng mga navigator na malinaw na makakapagpaliwanag ng mga opsyon, makakapagbigay ng kaligtasan, makakapagbahagi ng mga bagong paraan ng pag-iisip, at may maayos na ugnayan sa komunidad.
- Mga Pinahusay na Proseso para sa Mga Negosyo: Pagsasaalang-alang ng “pananaw sa negosyo” halimbawa, ang pangangailangan para sa mga naka-streamline na proseso para sa mga negosyo at entidad na sumusuporta sa mga neurodiverse na indibidwal. Kasama sa mga suhestyon ang mga mas mabilis na paraan ng pagbabayad at mas kaunting dokumento.
- Mga Support Specialist: Pagbibigay-diin sa halaga ng mga peer support specialist para sa pamilya at neurodiversity support specialist, na kumukuha ng inspirasyon mula sa mga karanasan sa buhay.